MALACAÑAN PALACE
MANILA

MENSAHE

Kaisa ng sambayanang Pilipino, malugod kong binabati ang mga **Manggagawang Pilipino** sa pagdiriwang ng **Araw ng Paggawa.**

Ang manggagawang Pilipino ay kinikilala ngayon sa buong mundo dahil sa kanyang angking sipag, talino, at prupesyunalismo. Ang mga katangiang ito rin ang naging kontribusyon natin upang iangat ang bansa sa kasalukuyan nitong estado: isang lipunang mas malaya, mas makatarungan, at mas maraming oportunidad para sa kaunlaran ng kanyang mga mamamayan. Patuloy nating isinusulong ang pagbabago: mula sa mga repormang pumupuksa sa katiwalian sa gobyerno, hanggang sa pagtataguyod ng mga programang pang-edukasyon, pangkalusugan, at pangkabuhayang nagpupunla ng higit na maginhawang bukas para sa ating mga kababayan. Nawa'y maging masigasig tayong lalo sa pagganap sa ating mga tungkulin; nawa'y pag-ibayuhin pa natin ang puwersa ng ating lakas-paggawa.

Nakaahon na po tayo mula sa madilim na kabanata ng ating kasaysayan; ipagpatuloy lamang po natin ang pagtalunton sa tuwid na landas upang mapanatili natin ang ating pagsulong. Mayroon pa ring mga balakid sa daang ating pinili, ngunit kung kipkip natin sa puso ang tunay na kahulugan ng pagkakaisa at pagmamahal sa bayan, wala tayong hindi kakayanin. Sama-sama nating suungin ang mga pagsubok para sa muling pagbangon ng Pilipinas at para sa patuloy na pagbaybay ng lahing Pilipino tungo sa mas maliwanag na kinabukasan.

Muli, isang makabuluhang Araw ng Paggawa sa inyong lahat.

BENIGNO S. AQUINO III

MAYNILA
1 Mayo 2014

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES